

# ADDRESS

*to the*

## FILIPINO PEOPLE



THE COMMANDER-IN-CHIEF  
JAPANESE EXPEDITIONARY FORCES  
TO THE PHILIPPINES

昭和十七年七月三十一日

比島人ニ與フ

比島派遣軍司令官

## 比島人ニ與フ

一、大東亞共榮圈ノ理想ハ、東亞諸民族ヲシテ八紘一字ノ精神ノ下ニ亞細亞人ノ亞細亞トシテ、確乎不拔ノ體制ヲ築キ、地域的連環ヲ保ツ亞細亞ノ天地ヲ永遠ノ樂土タラシメントスルトコロニアル。ソノ實現ヲ期スルノ道ハ各民族ガ皇國日本ヲ中心トシテ一體的ニ結合シ、且ツソノ結合ヲ堅クスルコトニヨツテ政治的ニ、經濟的ニ、共榮圈ニツラナル民族トシテ共通ノ理想ノ下ニ邁進スルコトニ外ナラヌ。八紘ヲ掩ヒテ宇ト爲サン、トイフ日本建國以來ノ大抱負ハ萬邦ヲシテ各々ソノ處ヲ得シムルコトヲ目的トスルモノデアワテ、東亞ノ建設モマタ日本ヲ精神的支柱トスル東亞民族ノ連繫ヲ全フルコトニヨツテ眞ニ共存共榮ノ實ヲ擧ゲントスルモノデアリ且ツ之ニヨツテ世界人類ノ平和ヲ確立スヘキモノト信スル、二千六百年ノ長キ傳統ヲツラヌク日本建國ノ理想ト信念ガ今日ニオイテ些カタリトモ曇ルトコロナク、御稜威ノ下愈々燦然トシテ輝キ、歩一步實現ニ近ヅキツツアルコトハ事實ノ示スガゴトクデアル。今次大東亞戰爭ノ勃發モ、動機ニオイテハ大義ノ赴クトコロヲ認識セズ、驕慢ナル物質文明ノ優越感ニ任セテ東亞ノ

地ヲ永遠ニソノ羈束ノ下ニ拘束セントスル英米ヲ膺懲シ、ソノ勢力ヲ遠ク大東亞地域外ニ驅逐セントスル意圖ヲ貫徹スルコトニアルハ勿論デアルガ、シカシ、日本ノ深ク期スルトコロハ區々タル資源的野心ニアラズシテ、大東亞其榮閣ノ建設ニ在ルコトハ寸毫ト雖モ疑フベカラザルトコロデアル。全比島民諸子ハコノ大理想、大使命ヲ認識スルコトニヨツテ大東亞戦争ノ本質的意義トソノ必然的方向トヲ明カニシナケレバナラヌ。

二、日本ガ過去十數年ニ亘ツテ英米ニ對シ謙讓ナル態度ヲ以テ隱忍自重シ來リタル所以ノモノハ、國家ノ實力ノ貧困カラ來タノデハナク、英米兩國ガソノ思ヒ上ツタ氣持カラ正義ノ認識ヘノ轉換ヲ祈念シタ爲ニ外ナラヌ。然ルニ英米兩國ハソノ非ヲ曉ラズ、正義ニ徹セントスル日本ノ意圖ヲ故意ニ曲解シ、之ニ對シテ執拗ナル妨害ヲ加フルノミナラズ、國際的信義ヲ無視シテ、陰ニ陽ニ暴戾ナル壓迫ヲ加ヘ、ツイニ帝國ノ健全ナル存在ヲモ脅カスニ至ツタ。彼ノA B C D包围政策ハ明ニ此事實ヲ證明スルセノデアル、斯ク過去ノ迷夢ヨリ醒メザル英米蘭諸國ハ内ニ潛ム日本ノ實力ヲ知ラズ、自ラ墓穴ヲ掘ルノ愚ヲ求メザルベカラザルニ到ツタ。諸子ハ聖戰開始以來、半歲ヲ過ギザルニ大平洋ノ制海權ハ日本ニ歸シ、英米ノ東亞ニオケル侵略ノ據點ハ盡ク

皇軍ノ威力ノ下ニ粉碎サレタコトヲ知ツテ居ル。若シ諸氏ノ間ニ比島ノ平和ヲ破壊シタルモノハ日本軍ノ來寇ナリト爲スモノアラバ、ソレハ拜米的意識ノ所産デアツテソノ淺見ハ濟度スペカラズトイフノ外ハナイ。大東亞戰爭ノ由來スルトコロハ英米特ニ米國ノ傳統的外交政策ニ基ク。コレニ件フ慘禍ノ責任ハ勿論戰爭ノ直接誘發者デアル米國ノ負フベキモノデアル。比島ハ米國ノ一部デアリ、米國ハ其主權ニ基キ臣民タル比島民ヲ訓練組織シ、大軍ヲ編成シテ我軍ニ抵抗シタ。即チ比島ハ從來ノ觀念ヲモツテスレバ形式的ニモ實質的ニモ我敵デアル。然ルニ我國ハ特ニ米國ヲ敵トスルモ比島民ヲ敵トセズト爲シ更ニ比島民ニシテ我眞意ヲ諒解シ大東亞共榮圈ノ建設ニ協力スルニ於テハ將來之ニ獨立ヲ與フルコトアルベキ大方針ヲサヘ宣明スルトコロガアツタノデアル。之ノミニテモ、諸子ハ今次ノ戰爭ガ如何ニ從來ノ戰爭ト異リ我建國ノ大義ニ基ク聖戰ナルカヲ知ルベキデアル。予モマタ隸下ノ軍ヲ率キテ比島ニ上陸シテ以來、夙ニ全軍ニ命ジテ、米軍ヲ敵トスルモ無辜ノ比島民ニ對シテハ常ニ親愛ノ情ヲ以テ之ニ接シ猥リニゾノ生活ヲ脅スガゴトキコト無カラシコトヲ以テシタ。予ガ各地ノ戰線ニ於テ米國ニ忠誠ヲ誓ヒ其ノ指揮下ニ奮戰スル比島兵ニ對シテサヘ、如何ニ彼等ノ生命ノ安全ヲ圖ルコトニ努力シ

來タカトイフコトハ諸子ノ記憶ニ猶新ナルトコロデアラウ。又市街及部落ノ焼却破壊ハスペテ

4

米軍ノ用ヒタ有害<sup>無害</sup>益ナ焦土戰術ノ結果デアツテ、日本軍ハ故ナクシテ良民ノ家屋ヲ破壊シタコトナク、又一回タリトモ意識的ニ庶民ノ住家ヲ焼却シタコトノ無カツタコトハ、予ガ天地神明ニ誓ツテ斷言スルトコロデアル。然ルニ予ノ降伏勸告ニ應セザリシ數萬ノ比島兵ハ予ノ衷情ヲ解スルコトナク、最後マデ米軍ノ勝利ヲ信ジテ無意味ナル抵抗ヲ納ケタ。此無意味ナル抵抗ハ彼等自身ノ死傷ト同時ニ皇軍ノ犠牲ヲ要求シタ、若シ、予ノ胸底ニ大東亞建設ノ理想ト信念無カリセバ、罪ヲ比島軍ニ問ヒソノ全員ヲ屠リ去ランコトモ亦易易タルモノガアツタ。予ガ何故ニソノ忍ブベカラザルヲ忍ンデ、只管比島ノ平和恢復ニ心ヲ致シツツアルカトイフコトハ、大義ノ何タルカラ知ル比島諸子ノ、ヒトシク理解スルトコロデナケレバナラヌ。今日戦火既ニ影ヲ絶ツテ、日ニ日ニ平和ノ瑞氣ハ全比島ニ充满シツツアリトハ言ヘ治安ハ未ダ全島ニ全シトハ言ヘヌ。今ニシテ諸子ハ大東亞共榮圈ノ意義ト比島民ノ分擔スペキ重要ナル使命ト任務ヲ自覺スルコト無クンバ徒ニ米國ノ桎梏下ニアリシ當時ノ殘骸ヲ晒スコトニ終リ新シキ國際情勢ニ應スル何等ノ役目ヲモ果サヌ事ニナルデアラウ。一度我等ノ敢行セントスル大東亞戰爭ガ新シ

キ世界歴史ノ創造ヲ目標トスルコトニ想到スレバ、新生比島ノ政治經濟、並ニ産業上ノ能力が如何ナル期待ノ下ニオカレテアルカト言フコトニ亦自ラ了得サレネバナルマイ。新シキモノノ生レントスルトキニハ必ス陣痛ノ苦シミガアル。今ヤ諸子ノ生活ニハ諸々ノ不便ヤ苦痛ノアルコトハ予モ亦ヨク之ヲ知ツテ居ル。併シ其ノ苦痛ハ新シキ歴史ヲ生マントスル戦爭ニハ不可避ノモノデアリ、又諸子ニトフテハ嘗ツテ新シキ比島ヲ牛ムベク一度ハ之ニ直面シタガ、終ニタジロガントシタ其苦痛ト同種ノモノデアル。今ヤ日本國民モ亦新生大東亞ノ建設ヲ望ンデ不退轉ノ意氣ヲ以テ之ヲ克服シツゝアル。遙カ歐洲ノ彼方ニ於テモ獨伊兩國民ハ歐洲新秩序ヲ目指シテ之ト鬪ツテキル。否、太平洋ノ彼岸ニ於テサヘ爲政者ノ誤レル指導ニ因ツテ望ナキ無意味ナル苦痛ヲ強イラレキル。之ニ較ブレバ諸子ハ未ダ甚ダ幸福ナリト言ハネバナフヌ。予ハ此ノ際、諸氏ノ覺悟ト決意ニ囁シテ大東亞建設ニ任ズベキ民族精神ノ勃興ヲ望ムコト切ナルモノガアル。無事ノ良民中ニハ、或ハ戰火ノ禍ヲ受ケテ、親子離散シ、家ヲ燒カレ財ヲ失ヒ、ツヒニ路頭ニ迷ハザルヲ得ナクナツタモノモ數限リナクアルデアラウ。今ヤコノ犠牲ヲ償ヒ、不安ヲ一掃スルノ道ハ全比島民ガ起死回生ノ勇氣ヲ以テ建設ノ業ニ從フコトニアルノミデアル。

### 三、新生比島ノ建設ハ、政治、經濟、產業教育ノ中ニ文化ノ中樞タル精神ノ基礎ヲ確立スルトコロ

カラ第一歩ヲ踏ミ出サネバナラヌ。精神ノ基礎トハ何ゾヤ。歐米文化ノ假裝ヲ脱シテ比島獨自ノ傳統ト民族性ノ本然ニ還スルコトデアル。カツテ「スペイン」ノ統治下ニ在リ更ニ比島ガ米國ノ支配ニ移ツテ四十有餘年其間東洋民族タル比島民ノ生活ハ舉ゲテ米國ノ欲スル如キ内容ニヨツテ塗リ潰サレタ。コレガ爲ニ東洋ノ傳統デアル道德ト人情ハ影ヲ没シ、今日アルヲ知ツテ明日ノ來ルヲ知ラヌ。剝那的ナ享樂主義ト安易ナル消費生活ガ堅實ナルベキ民族性ヲ一掃シ去ツテ、無反省ナル「アメリカ」生活模倣者トナツタノデアル。若シ諸子ニシテ志アルナラバ我等東洋人ノ血ノ中ニ脈搏ツ剛健質實、勤勉努力、質素節儉ノ建設的精神ト風習ヲ諸子ノ日常生活ノ中ニ取戻サナケレバナラヌ。東洋侵略ノ足場トシテノミ比島ヲ考ヘタ米國ノ政策ハ比島民ノ生活カラ東洋人トシテノ長所ト美點ヲ奪ヒ、物質偏重ノ習慣ヲ釀成スルコトニヨツテ何時ノ間ニカ歐米崇拜ノ風潮ヲクリアゲテシマツタ。「アメリカ」文化ノ影響ノ下ニ生ジタ女性尊重ノ惡風ハ家長主義ヲ崩壊ニ導キ熱帶國民ノ通有的傾向デアル勤勉性ノ歛如ハ、無爲游惰ノ民タルベク馴致スルトコロトナツタ。道義ハ變ジテ虚榮トナリ、勇氣ハ賭博ト射幸心ニ置キ換ヘラレ、「デ

モクラシイ」ハ政治上ノ黨争ト對立トヲ招來シ、屢々國家ノ利益ハ政治的理由ノ下ニ葬ラレタ。予ハ敢テ切言スル。諸子ギ已レノ生命力ヲ蝕ミ來ツタ「アメリカニズム」ニ對スル心醉カラ離脱、解放サレナイ間比島ハ漸次精神的ニ墮落ヲ續ケテ遂ニハ民族滅亡ノ危機ニ導カルルデアラウ。

覺メヨ、比島民！特ニ次代ノ比島ヲ擔當スペキ壯青少年ヨ、飜然トシテ目覺メヨ！比島ノ更牛ハ自由主義、個人主義デモクラシニ基ク米國文化ノ悪感作ヨリ蟬脱シテ醇乎タル東洋人ニ還ル事ニヨツテノミ求メラルル。

四、新情勢ニ應ズル比島ノ諸建設ハ一日トイヘドモ忽セニスル能ハザルコトハ論ヲ俟タヌ。速カニ生活ノ安定ヲ期シ、農業立國ノ基礎ヲ固ムルト同時ニ、大イニ產業ノ振興ヲ圖ルベキコトハ素ヨリ重大要務デアルガ、今日最モ緊急ヲ要スペキコトハ新鮮潑刺タル精神ニ基ク生活革命ヲ斷行スルトコロニノミ存スル。乃チ比島ノ獨立ハ形式的虛飾ニアラズシテ生活力ノ充實ヲ内容トルヘキコトヲ知ラネバナラヌ。島民ノ各自ガ大東亞共榮圈ノ一員タルコトヲ自覺シ、遊惰ナル生活トソノ日活シノ習慣ヲ捨テ、剛健ニシテ高邁ナル建設精神ニ目覺ムルコトコソ真ニ獨

立國民タル第一資格ヲ備フルノデアル。諸子ハ速カニ精神的經濟的ニ依存的ナル生活様式ヲ清算シ、之ニ代フルニ比島固有ノ文化ヲ探求育成シテ東洋人トシテノ確信ニ生キネバナラヌ。徒ラニ獨立ノ美名ニ憧レテ、獨立ニ堪ベキ能力ノ蓄積ヲ怠ルコトハ許サレナイ事デアル。

五、之ヲ要スルニ豹ハソノ班點ヲ變エ得ザル如ク諸子ハ東洋人タル事實ヲ替ヘル事ガ出來ヌ。今コソ劣等感ヲ以ツテ歐米ニ追從スル事ヲ止メ、其ノ東洋人タル本來ノ立場ニ還ツテ地理的、人種的關聯ノ上ニ自個ノ正當ナ地位ヲ求ムベキ時機デアル。之ガ爲ニハ過去ノ清算ト一大精神的革命トガ強ク要求セラル。之ナクシテ比島將來ノ先明ヲ求ムルコトハ絶對ニ不可能デアル。

## Kalatas Sa Sangbayanang Pilipino:

Ang mithiin sa Lupalop ng Magkakasamang Kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia ay magtayo sa ilalim ng diwa ng pagkakapatirang pangdaigdig, ng isang matatag at matibay na balangkas sa pamamagitan nang pagsasanib sa Asia ukol sa mga taga Asia, at lumikha ng isang palagian at nananatiling lupalop ukol sa kaligayahan ng mga mamamayan sa loob ng purok na may pagkakaugnay sa heograpia. Ang paraan upang maisakatuparan ang mithiing ito ay walang iba kungdi pagisahin ang mga mamamayan sa ilalim ng pamamatnugot ng Hapon, at sa pagpapatibay sa bigkis ng pagsasama ay lumalakad patungo sa kahabaan ng landas ng kaunlaran sa kabuhayan at sa kapamayanang kagaya ng iisang pangkat ng mga mamamayang tuwirang may malasakit sa kanilang sariling kabutihan at naminindigan sa iisang mithiin. Ang dakilang pangarap ng Hapon sapul nang itataq ang Imperio ay "likhain ang daigdig na isang Tahman." Ang layunin ay makitang ang bawa't bayan at ang bawa't bansa ay nagkakamit ng kanilang kaukulang katayuan sa ilalim ng araw. Matatag kong pananlig na ang pagbabagong tataq sa Silangang Asia, sa pamamagitan ng lalong matalik na pagsasamahan ng kanyang mga mamamayan, na ang Hapon ang nagdudulot ng sigla, ay hahantong hindi lamang sa pagtatataq sa pamahalaan ng sama-samang kabutihan at kasaganaan, kungdi sa pagtatataq din ng nananatiling kapayapaan ng mga tao.

Ang taglay na mithiin ng Hapon ay buung liwanag na sumikat sa ilalim ng dakilang pamamahala ng Kanyang Kadakilaan, ang Emperador, at namalaging hindi nangungulimlim sa buung 2600 taon ng kanyang kasaysayan; at maliwanag na mapansin sa takbo ng mga pangyayari kung paanong ang mithiin ay papatuloy na patungo sa katuparan. Ang pagpasok ng Hapon sa digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia ay ibinunsod, sa isang dako, ng pangangailangan takdaan ang lakas ng anglo-amerikano na nakalimot sa mataas na aral at sa paguukol ng kanilang sarili sa mapagimbot na pagkilala sa nakapanggingibabaw na sangkap sa kabihasnan ay nagsipangahas na

pagtaksilan ang Silangang Asia sa palagiang paninikil; upang itaboy sa malayo at sa labas ng Silangang Asia ang kanilang mapanglupig na lakas. Na hinahangad naming maisakatuparan ang adhikang ito ay mangyari pang nauunawaang mabuti. Subali't ang mahalagang matuwid ay may maliit na kaugnayan sa mga kasalukuyang suliranin sa kabuhayan at likas na kaya-manan. Hindi mapagaalinlanganang nasasalig ito sa pasiyang magtataug ng Lupalop ng Magkakasamang Kasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia. Lubhang mahalaga na sumanib ang bayang pilipino sa dakilang mithiing ito at sa dakilang misiong ito kung lubusang nauunawaan nila ang pangunang kahulugan ng digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia at ang hindi maiwasang tunguhin nito.

— II —

Ang mahinahong pakikitungo na siyang ginamit ng Hapon sa pakikipagtalastasan sa mga kapangyarihang anglo-amerikanong sa nakaraang mga panahon, ay hindi bunga sa ano mang paraan, ng kawalan niya ng lakas na pangbansa. Ito'y sapagka't umasa siya na ang mga kapangyarihang yaon ay maaaring sa ano mang paraan, ay sumailalim ng isang pagbabago at matututong tumalikod sa kanilang tusong pamamaraan sa pamagitan ng pabaligtad na pagpapakahulugan sa katarungan. Subali't ang kapangyarihang anglo-amerikano ay hindi lamang nabigong isaalang-alang ang kanilang paninikil, kungdi sinadya pang ukulan ng maling palagay ang makatuwirang mithiin ng Hapon at buung tigas na ipinilit ang kanilang mga paraan sa panghahadlang; at sa huli sa hindi pagpansin sa tuntunin ng mabuting hangaring pangdaigdig ay nagpatuloy sa kanilang mga pagsisikap sa paninikil sa pamamagitan ng mga tiwaling pagkilos sa likod ng tabing at sa hayagan. Nang lumaon ay sumapit sila sa yugto ng pagbabanta sa kalagayan ng Imperiong Hapones. Ang simulain sa pangungubkob ng ABCD ay siyang matibay na katunayan ng pangyayari. Nag-abala sa ilalim ng isang matagal na maling paniniwala at dahil sa walang malay sa lihim na lakas na nakatago sa loob ng balangkas ng bansang Hapones ay ibinunsod ang kanilang sarili na gumawa ng kamangmangan na humukay ng sarili nilang libingen.

Natatalos ninyong lahat na sa wala pang anim na buwan ng digmaan ay hawak na ng Hapon ang kapangyarihan sa Pasipiko, at ang lahat ng himpilan ng panglulupig na anglo-amerikano sa Silangang Asia ay lubusang napawi ng lakas ng mga hukbong Imperial. Kung may ilan sa inyo na taglay pa ang paniniwalang nasira ang kapayapaan ng Pilipinas sa pagdating ng hukbong hapones, ang ganyang tiwaling palagay ay maituturing lamang na isang bunga ng hindi maapulang pro-Amerikanismo. Ang kasalukuyang dahilan ng digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia ay utang, sa diwa, sa mga simulaing panglabas ng anglo-amerikano, lalo na sa simulaing panglabas ng Estados Unidos. Kaya, ang pananagutan sa pangwawasan at hirap na taglay nito ay ganap na likha ng nagpasimula sa digma, ang Estados Unidos.

May kaugnayan dito, dapat na banggiting ang Estados Unidos sa pagtaguyod sa kanyang kapangyarihan sa Pilipinas bilang kanyang lupain, ay itinatag at sinanay ang hukbong Pilipino upang makidigma sa Hapon. Dahil dito, sa gawa at sa teoria, ang Pilipinas ay aming kaaway. Subali't ang aming bayan, bagama't itinuturing na ang Estados Unidos ang aming tiyak na kaaway, ay hindi itinuring ang bayang Pilipino sa ganyan at sa halip sa mahabang paguusap, kung maaaring maunawaan ng bayang Pilipino ang aming mga dakilang mit-hiin at tutulong sa amin sa pagtatataag sa Lupalop ng Magkakasamang Kasagamaan sa Lalong Malaking Silangang Asia, ay pagkakalooban ng kaukulang pagsasaalang-alang ang isang patakaran sa pagkakaloob ng kasarinlan. Lubusan ninyong mauunawaan sa isang katibayang ito kung paano naiiba ang digmaang ito sa lahat ng mga iba at kung paano ito ay isang dakilang digmaang ibinunsod sa saligan ng dakilang aral na pinanindigan ng Hapon sapul sa pagkatataag ng bansa.

Sapul sa paglulunsad sa Pilipinas na kasama ng hukbong na sa ilalim ng aking pamumuno, ay pinagkakalooban ko ng mahahalagang utos ang aking mga kawal, na bagaman kaaway natin ang mga hukbong amerikano, ay laging pakititunguhan na may kalakip na kagandahang loob at kaluwagan ang mga walang malay na mamamayang pilipino at tumalikod, nang walang makatuwirang dahilan, sa pagsasapanganib sa kanilang

ikinabuhay sa araw-araw. Sa iba't ibang pook ng larangan ay naging mataimtim na hangarin ko na iligtas kahi't na ang buhay ng mga kawal na Pilipinong nangangako ng pagtatapat sa Estados Unidos at buung dahas na nakikipaghamok laban sa amin sa ilalim ng pamumunong Amerikano. Ang malalaking pagsisikap na ginawa ko upang maiwasan ang hindi kailangang pagbububo ng dugo ay isang bagay na dapat manatiling sariwa pa sa inyong ala-ala.

Sa halip, ang pangwawasan sa mga bayan at nayon sa pamamagitan ng panununog ay gawa ng hukbong Amerikano, na wala sa kalagayan, ay itinaguyod ang kanilang walang matuwid na mga paraan sa "paninira". Walang pangyayari na sinira ng hukbong Hapones ang tahanan ng mga mamamayang walang malay o sinulsulan ang mga ito ng apoy kungdi sa katangting makatuwirang dahilan; at maisusumpa ko ito sa Dios at sa Langit. Gayon man, sa kabilang aking makataong patakaran at ng aking paulit-ulit na tagubiling sumuko, mga sampung libong Pilipino, na naminiwala sa "tagumpay sa wakas" ng Amerikano, ang nagpilit sa kanilang walang saysay na pag-salungat hanggang sa wakas. Ang bunga ng walang katuturan pakikibakang ito ay humantong hindi lamang sa malalaking pagkalagas sa kanila kungdi sa paglikha rin ng dagdag na pagpapakasakit ng tao sa hukbong Imperial. Kung hindi nakaukit sa aking puso ang mithiing pagtiitiwala sa ikatutupad ng pagtatataq ng Lalong Malaking Silangang Asia, kaipala ay naging madali sa akin na isailalim ang lahat ng mga kawal na Pilipino sa maramihang pagpawi. Bakit iisiping isagawa ang bagay na mahirap na isipin at harapin ang gawain sa pagbabagong tataq ng kapayapaan sa Pilipinas? Ang suliraning ito ay ipinauubaya ko sa mga maaaring makaunawa sa patakaran ng mga dakilang simulain.

Ngayon, tunay na napawi ang mga lagablab ng digmaan sa Pilipinas, ang malalaking palatandaan ng kapayapaan ay unti-unting nasasaksihan sa buung bayan. Subali't isang kasawiwang tunay din naman na hindi pa masasabing naghaharing lubos ang kaayusan at kaligtasan sa buung kapuluuan. Ang suliraning ito ay mahalaga. Kung ngayon ay hindi pa ninyo natatalos ang katuturan ng Lupalop ng Magkakasamang Kas-

ganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia at ang misiong gampanan ng Pilipinas, ay hindi lamang itatambad ninyo ang isang lugmok na katangian kungdi hindi malalaon ay muli kayaong mababalik sa mga kalagayang dati, gayon man, iyan ang tanging paraan upang mabayaran ang mga kawalan at mapawi ang kawalan ng kaligtasan. Na sa buung bayang Pilipino na magbangong taglay ang walang pasubaling tapang at humarap sa malaking gawain sa pagtatayo ukol sa hinaharap.

Nguni't sa sandaling madama ninyo ang ating kapasiyahan sa pagtaguyod ng Digmaan sa Lalong Malaking Silangang Asia na akibat ang layuning makalikha ng bagong kasaysayan ng daigdig ay madali ninyong mauunawaan kung gaano ang inaabahan sa kakayahan ng Pilipinas sa dako ng politika, ekonomika, at industria. Lubos kong nauunawaan na kayo ay dumaranas ng mga kagipitan at kahirapan sa buhay ninyo sa araw-araw. Subali't ang gayong mga kahirapan ay hindi maihihiwalay sa mga digmaang nakatalaga sa paglikha ng bagong kasaysayan. Ang pagsilang ay karaniwan nang may kahalang kirot. Sa katotohanan ay iyan din ang mga tiising dinadanas ng mga araw na lumipas nang pagsikhayan ninyo, nguni't hindi ipinagtugumpay, ang pagtatataag ng isang bagong Pilipinas.

Ngayon, sa paglulungating makapagtataag ng isang bagong Malaking Silangang Asia ay dumaranas din ng gayong mga kahirapan ang lahing Hapones na tinutulungan ng hindi magagaping pasiya. At sa malayong Europa, ang mga mamamayang Aleman at Italiano ay gumagawa rin ng gayon sa pag-sasakit nilang matupad ang kanilang hangarin sa pagtatataag ng isang bagong kaayusan sa Europa. Maging sa kabilang dako ng Pasipiko ay mayroon ding mga kahirapan, bagaman walang masasapit ang pagsisikap nila, dahil sa pagkakaligaw sa landas ng sarili na rin nilang mga estadista. Kung ihahambing sa iba ay higit na mapalad kayo.

Sa isang panahon, bilang pauna sa inyong kapasiyahan at pananalig, ay pinananabikan kong makita ang pagbabangon ng isang diwang pangbansa na katimbang ng kinauukulang pagkakataon. Maaaring marami ang hindi mabilang na mga

mamamayang walang malay na dahil sa lagablab ng digmaan ay nangagsipagtiiis sa pagkawalay sa kanilang mga minama-hal. Maaaring ang iba ay siya na ring nakasaksi sa pagkatug-naw sa apoy ng kanilang mga kayamanan. Maaaring napakarami pang iba na gayong hindi nila kasalanan, ay napalayo at naglaboy nang walang nilalayon at hindi nalalaman ang lili-kuan sa mga paglalakad nila. Gayon man ay may isang paraan lamang upang mabayaran ang mga nawala at nang mapawi ang panganib. Ang buung bayang Pilipino ay dapat tumindig ng buung lakas ng loob na hindi magagapi at balingan ang dakilang gawain sa pagtatataag ukol sa hinaharap.

— III —

Sa pagtatataag ng bagong Pilipinas, ang unang hakbang ay ang paglalatag ng saligang espiritual o sa diwa na siyang mahalagang sandigan ng kultura o kabibhasnan, at sa paligid niyan ay nasasalig ang politika, ekonomia, industria, at pagtuturo. Ano ang saligang espiritual na iyan? Mangyayari iyan sa pagbabalik ninyo sa kinagisnang mga gawi at ugali ng lahi, sa lantay ng mga alamat na Pilipino, matapos na maalis ang maskara ng kulturang kanluran. Una ay sa ilalim ng kapang-yarihang Kastila at saka ang panahon sa loob ng 40-taon sa ilalim ng pamamahalang Amerikano, ang buhay ng mga Pilipino, bilang mga Silanganin, ay napawi upang maiangkop sa mga hangarin ng mga Amerikano. Bilang bunga niyan, ang mga alamat na Silanganin, ng katauhan at moral ay nakatkat. Ang lahing Pilipino ay bumaling upang sumunod sa pamumuhay na maginhawa, gumamit ng higit sa nagagawa at inakay sa mga karangyaan at kaalibughuan na inaalagata ang na-uukol sa kasalukuyan at nalilimitan ang kinabukasan. Ang matataq nilang mga katangian sa pagka lahi ay nawala at naging mabubuting manggagagad sila ng pamamaraan sa buhay Amerikano na ulila sa pagalagata sa darating. Lubhang kailangan na ang mga taong may lunggatiin ay magdilidili at buhayin sa pangaraw-araw na buhay nila ang magagandang kalooban at ugali at ang pagka matapat at walang gulat, matalino at masipag at masinop at matipid na siyang nagpapagalaw sa mga ugat ng mga lahing Silanganin.

Ang pamamalakad ng Amerikanong itinuturing na ang Pilipinas ay batong tuntungan lamang nila sa pananalakay sa Silangan, ay humubog sa paraang hindi nagunita ng mga Pilipino ng pasiya sa pagsamba sa mga bagay Europeo at Amerikano sa pamamagitan nang pagsira sa magagandang katangian at kaloobang nakahahalina sa mga mamamayan ng Silangan sa buhay nila sa araw-araw. Ginulo nila ang balangkas ng kaisipan na siyang nagpapagalaw sa mga mamamayan upang mahilig sa materialismo. Ang masamang ugali sa pagpapakilala ng labis na pagpapahalaga sa mga babae na likha ng kaugaliang Amerikano ay nagbunga nang pagkasira sa matanda nang simulaing dinakila sa Silangan tungkol sa paggalang sa puno ng maganak. At ang kakulangan sa diwa ng kasipagan o ubos-kayang paggawa na hindi masusunduan sa mga mamamayan sa tropiko ay nakatangay sa kanila upang mahilig ang mga mamamayan sa pagpapatayong-tayong at paglilimayon. Ang moralidad ay naging kalayawan; ang diwa ng katapangan ay pinalitan ng hilig sa sugal at espekulasion. Ang mga simulaing demokratiko ay humantong sa mga kagilitan at tunggalian sa politika na ang ibinunga ng lahat ay ang malimit na pagkapinsala ng mga kapakanan ng bayan dahil lamang sa pangangailangan sa politika.

Ibig kong magsalita ng tuwiran. Habang hindi ninyo magagawang mapalaya ang inyong sarili sa pataw ng Amerikanismo ng iyan na nakapinsala sa inyong buhay at kakayahang ay magpapatuloy kayo sa pagkasira sa diwa hanggang sa katapusan ay madala kayo sa bingit nang pagkapawi ng inyong lahi. Pagbalikwasin ang inyong sarili! Hinahamon ko, lalong-lalo na, ang mga kabataan na siyang nakatalagang babalikat ng mga panagutan ng bagong Pilipinas. Ang muling pagsilang ng Pilipinas ay maisasagawa na lamang sa pagpawi sa inyong mga sarili ng nagpapaaurong na mga "lakas" ng kulturang Amerikano na nasasalig sa pagpapahalaga lamang sa sarili (individualismo), liberalismo at demokrasia, at sa pagiging tunay na lahing Silanganin sa pamuli.

#### — IV —

Lubhang napakaliwanag na ang pagtatatag ng bagong Pilipinas nang naaalinsunod sa mga bagong kalagayan ay hindi maaaring pabayaan, kahi't isang araw lamang. Ang buhay sa araw-araw ay dapat maging ligtas at matatag at buuin ang pagtatayo ng isang bansang nauukol sa pagsasaka at ang mga

panukala sa pagpapaunlad sa industria ay dapat ihanda. Hanggang sa ngayon, ang mahigpit na kailangan sa sandaling ito ay mabisang maisagawa sa tulong ng bago at masiglang diwa, ang himagsikan sa pagbabago sa pamumuhay ninyo sa araw-araw.

Lubhang kailangang maunawaan na ang tunay na pag-sasarili ay hindi isang bagay na pakitang tao lamang. Ang diwa niyan ay nasasalig sa pagpapabuti sa kakayahan sa pamumuhay sa sarili. Ang unang kailangang hinihingi upang maging isang lahing nagsasarili ay ang pagbabalikwas ng diwang matatag at mapagbuu na siyang kailangan at ang bawa't tao ay magigising sa pagkakilala na siya ay isang bahaging kaugnay ng Lalong Malaking Silangang Asia. Ito ang umaakay sa pagwawaksi sa maginhawang pamumuhay sa araw-araw. Madaliang dapat ninyong tuusin ang matandang paraan ng pamumuhay na kinakailangan at nakikilala sa ugaling nagsasandig ng pagasa sa tulong na espiritual at ekonomiko ng iba. Dapat kayong magsimula nang pamumuhay na akibat ang pagtitiwala at pananalig na angkop sa lahing Silanganin at tuklasin ang ganap na pagpapabuti sa isang tunay na kulturang Pilipino. Ang paglulunggati sa pagsasarili nang walang pagpapakasakit upang maging karapatdapat sa kanganlang iyan ay walang saysay kung paanong iyan ay isa ring kabiguan.

— V —

Kung paanong hindi maaaring palitan ng leopardo ang kanyang mga batik ay hindi ninyo maaaring mabago ang katoohanang kayo ay mga Silanganin. Bakit kayo susunod sa mga ipinagagawa ng Europa at Amerika, na taglay ang diwang mababa sa sarili? Dumating na ang panahong dapat ninyong ipakilala na kayo ay isang lahing Silanganin at dapat ninyong pakinabangan ukol sa inyo na kasama ng ibang mga kauring lahi na kalapit sa heograpia, ang angkop na dapat ninyong kalagyan sa kaayusang pangdaigdig ng mga bagay-bagay. Ang panahon ay malakas na nananawagan upang itaguyod ang isang dakilang himagsikang espiritual. Kung wala niyan, ang maluwalhating hinaharap ng bagong Pilipinas ay tahasang hindi mangyayari.

Ika 31 ng Hulio, 1942.

KATAASTAASANG PINUNO  
Hukbong Panglabas ng Hapon sa Pilipinas

(*Translation*)

## Address To The Filipino People:

The ideal of the Greater East Asia Co-prosperity Sphere is to establish, under the spirit of universal brotherhood, a firm and enduring structure by consolidating Asia for the Asians, and to create a permanent and lasting sphere of happiness and well-being for the peoples within the great area having geographical affinity. The process to realize this ideal is none other than by the related peoples uniting themselves under the leadership of Japan, and by solidifying the bond of union, marching forward along the road of economic and political progress as a unit of peoples directly concerned with their own well-being and holding to a common ideal. The great aspiration of Japan since the founding of the Empire has been "To make the Universe a Home." The aim is to see every people and every nation acquire their rightful positions under the sun. It is my firm conviction that the reconstruction of East Asia with closer relations among its peoples, with Japan as their spiritual support, will bring about not only the realization of the state of mutual well-being and prosperity, but also the establishment of an enduring peace among mankind.

The ideal held by Japan has shone brilliantly under the august rule of His Majesty the Emperor and has remained undimmed throughout the 2600 years of her history; and it is clearly observable by the train of events, how the ideal has steadily approached realization. Japan's participation in the Greater East Asia War was motivated in one respect by the need to discipline the Anglo-American Powers that have been heedless of high principle, and because in choosing to abandon themselves to the haughty concept of the superiority of material civilization, they dared to tyrannize East Asia with permanent oppression; it was

to drive out their malignant influence far and away from East Asia. That it was our intention to accomplish this is, of course, well understood. But the profounder motive has little to do with the transient problems of economy or natural resources. It lies unquestionably with the determination to establish the Greater East Asia Co-prosperity Sphere. It is imperative that the Filipino people identify themselves with this great idea and this great mission if they would clearly comprehend the essential meaning of the Greater East Asia War and its inevitable course.

## II

The modest attitude with which Japan had constrained to deal with the Anglo-American Powers in the past decades, was not in any way due to her lack of national strength. It is because she had hoped that those Powers might somehow undergo a transition and learn to desist from their arrogant tactics by a conscientious reversion to justice. But the Anglo-American Powers not only failed to reconsider their transgressions, but they deliberately chose to misinterpret the just cause of Japan, and persisted obstinately in their ways of obstruction; and in ignoring the precept of international good faith, continued their efforts at oppression by nefarious activities both behind the scenes and in the open. They finally arrived at the point of threatening the very existence of the Japanese Empire. The ABCD encirclement policy is a clear evidence of the fact. Laboring under a perennial delusion and in being ignorant of the latent power deep within the structure of the Japanese nation, they brought it upon themselves to commit the stupidity of digging their own graves.

You all know that within less than 6 months of the war, Japan holds the supremacy of the Pacific, and all the bases of Anglo-American aggression in East Asia have been completely wiped out by the might of the Imperial Forces. If there are

some among you who still hold to the belief that the peace of the Philippines was broken by the coming of the Japanese Forces, such a superficial viewpoint can only be considered as the product of a chronic pro-Americanism. It is not worth the effort to redeem such people from their illusion. The actual cause of the Greater East Asia War is attributable, in essence, to the Anglo-American foreign policies, particularly to the foreign policy of the United States. Hence, the responsibility for the devastation and the chaos it engendered lies squarely with the instigator of the war, the United States.

In this respect, it should be mentioned that the United States in exercising its sovereignty over the Philippines as her territory, organized and trained the Philippine Army to fight Japan. Therefore, both actually and theoretically, the Philippines was our enemy. But our country, although regarding the United States as our specific enemy, did not consider the Filipino people as such, and rather went so far as to say that if the Filipino people were able to understand our supreme motives and would collaborate with us in the construction of the Greater East Asia Co-prosperity Sphere, due consideration would be given to a policy of according independence. You can readily see from this single fact how this war differs from all others and how it is an exalted war waged upon the basis of the great principle upheld by Japan since the foundation of the country.

Upon landing in the Philippines with the Army under my command, I gave explicit orders to my men, though the American forces are our enemy, always to treat the innocent Filipino people with kindness and consideration and to refrain, without just cause, from endangering their daily existence. On the various sectors of the front, it was my express desire even to save the lives of the Filipino soldiers pledging loyalty to the United States and furiously fighting against us under American command. The

fervent efforts I made to prevent unnecessary bloodshed is a matter that must be still fresh in your memory.

In direct contrast, the devastation of towns and villages by incendiaryism was the work of the American forces who, out of spite, carried out their purposeless "scorched earth" tactics. Under no circumstances have the Japanese Army destroyed homes of innocent people or set them on fire unless for exceptional justifiable reasons; and I can swear to this by God and Heaven. Nevertheless, and despite my humane policy and my repeated advice to capitulate, tens of thousands of Filipinos, believing in some "ultimate victory" by the Americans, persisted in their futile opposition to the end. The senseless resistance resulted not only in their own heavy casualties but also in the incurring of additional sacrifices of the men of the Imperial Forces. If it were not that I bore in my heart the ideal and the faith in the realization of the establishment of Greater East Asia, it might have been simple for me to subject all the Filipino soldiers to wholesale extermination. Why forebear to carry out what was difficult to forebear, and turn to the task of the reconstruction of peace in the Philippines? This question I leave to those of you who are able to understand the meaning of great principles.

Today, it is true that the flames of war have subsided in the Philippines, and auspicious indications of peace are gradually evident throughout the country. But unfortunately, it is also true that as yet it cannot be said that order and security prevails completely over the whole archipelago. This point is important. If now you fail to become conscious of the significance of the Greater East Asia Co-prosperity Sphere and the important share to be borne and the duty and the mission to be performed by the Philippines, you will not only be exposing a decadent aspect, but soon you will return once again to the conditions when you

were helpless under the fetters of American control and be utterly of no consequence in the new framework rising in accompaniment with the dynamic changes in the international situation.

But once you are able to perceive our determination in the prosecution of the Greater East Asia War with the idea of creating new world history, you would spontaneously come to understand how much is being expected of the political, economic, and the industrial capacity of the Philippines. I am fully aware that you are experiencing inconveniences and hardships in your daily lives. But such distresses are inseparable with wars that are destined to create new history. Birth is usually accompanied by pain. In reality it is but the same kind of a suffering you underwent during former days when you sought, without success, to create a new Philippines.

Today, the Japanese people in aspiring to the construction of a new Greater East Asia are overcoming similar difficulties with an indomitable will. As in distant Europe, the peoples of Germany and Italy are doing the same in their struggles to accomplish their aim of establishing a new order in Europe. Even on the other side of the Pacific, there are people likewise undergoing hardships, although in their case, in a doomed struggle, as a result of their being misled by their own statesmen. In comparison with others, you are infinitely more fortunate.

At such a time, in anticipation of your resolution and your determination, I am eager to see the rise of a national spirit equal to the occasion. It may be that there are countless numbers among the innocent people who, on account of the ravages of war, have been suffered to separate from their dear ones. Others may have been witnesses to their own fortunes going up in flames. There may also be numerous others, who through no fault of their own, are wandering aimlessly knowing not where

to turn. There is, however, only one way to recompense for the losses and to banish insecurity. It is for the entire Filipino people to rise with a dauntless courage and to turn to the great task of building for the future.

### III

In the construction of the new Philippines, the first step must necessarily be the laying of the spiritual foundation which is the vital nucleus of culture, and around which politics, economy, industry, and education are based. What is that spiritual foundation? It comes of your return to the original racial characteristics, to the pure Filipino traditions, after ridding the masque of Occidental culture. First under Spanish rule, and then for a period of 40 odd years under American domination, the life of the Filipinos, as Orientals, was obliterated to suit the designs of the Americans. As a result, the Oriental traditions, of humanity and morals were effaced. The Filipino people turned to follow an easy-going life, consuming more than producing, and were led to hedonism and extravagance, conscious only of today, and oblivious of the morrow. Their sound racial characteristics were lost and they became the bold imitators of the American way of life which is devoid of introspection. It will be for persons with aspirations to retrieve and revive in their daily lives, the manners and the customs, and the innate qualities of honesty and fortitude, diligence and hardworking and frugality and thrift, that pulse in the veins of we Oriental peoples.

The American policy that considered the Philippines only as a stepping stone for their aggression in the Orient, cultivated, in a manner unperceived by the Filipinos, the disposition to worship things European and American by divesting the virtue and the charm peculiar to the people of the Orient, from their daily life. They infused the frame of mind which propelled the people

to materialism. The corruptive custom of showing excessive esteem toward the weaker sex, which was produced by the American influence, led to the breakdown of the time-honoured principle of the East to respect the head of the family. And the deficiency of the spirit for hardworking which is the common failing among the peoples of the tropics, served to make of them a people disposed to idleness and pleasure-seeking. Morality became vanity; the spirit of valor was replaced by the ardor for gambling and speculation. Democratic ideas solicited the entertainment of political bickerings and struggles which all too often sacrificed the interests of the people for sheer political expediency.

I propose to speak frankly. So long as you are unable to free yourself from the obsession for that Americanism which has undermined your life and vitality, you will continue to deteriorate spiritually and will finally be led to the very brink of racial extinction. Arouse yourselves! I challenge particularly the younger generation who are destined to shoulder the responsibilities of the new Philippines. The rebirth of the Philippines can only be accomplished by shedding yourselves of the degenerating influence of American culture which is based upon individualism, liberalism, and democracy, and by becoming once more a genuine Oriental people.

#### IV

It is only too evident that the construction of a new Philippines in conformity with the new conditions cannot be neglected even for a single day. Daily life must be made secure, and the foundation of an agricultural country consolidated, and plans be made for the development of industry. But by far the most pressing need of the moment is to effect, with a new, vibrant spirit, a revolutionary change in your daily existence.

It is necessary to understand that true independence is not mere ostentation. Its essence lies in the perfection of the capacity for self-sustenance. The first requisite necessary to become an independent people is the awakening to the need of a resolute and constructive spirit, and for each individual to awaken to the consciousness that he is an integral part of Greater East Asia. This includes the abandonment of the easy, day to day, manner of living. You must speedily liquidate the old way of life characterized by the habit of depending upon others for economic and spiritual support. You must begin to live with the confidence and the conviction befitting an Oriental people and seek the perfection of a truly Filipino culture. To long for independence without striving to qualify for that honor is as useless as it is vain.

V

As a leopard cannot change its spots, you cannot alter the fact that you are Orientals. Why should you follow the dictates of Europe and America with an inferiority complex? The time has come to assert yourselves as an Oriental people and to gain for yourselves, in company with other kindred races having geographical affinity, your proper place in the universal order of things. The times strongly call for a great spiritual revolution. Without it, a glorious future for the new Philippines would be an absolute impossibility.

July 31, 1942.

THE COMMANDER-IN-CHIEF,  
Japanese Expeditionary Forces  
to the Philippines.